ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

# UGNAYAN NG KUWENTONG PAMBATA AT KUWENTONG PANGKALIKASAN

**Andrea P. Adigue, PhD.**
*College of Education, Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Nueva Ecija, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra11594
**DOI No: 10.36713/epra11594**

Malaking suliranin ang *climate change* dahil nakasalalay sa nakasanayang *pattern* ng klima ang maraming hayop at halaman. Kung hindi sila makaaangkop sa bilis ng pagbabago ng klima mamamatay sila. Ang *climate change* ay napapalubha ng *Global Warming* o ang patuloy na pagtaas ng pangkalahatang temperatura ng daigdig.

Gamit ang mga kuwentong pambata, naniniwala ang mananaliksik sa kasabihan na kung ano ang itinuro sa bata ay bitbit niya hanggang sa kanyang pagtanda, kung kaya't mas mabuting ituro ng mas maaga ang pagbabasa ng mga maikling kuwentong pambata na makapagbubukas sa kanilang pang-unawa at kamalayan sa mga paksang tumatalakay sa mga panlipunang usapin at partikular sa pagbabago ng klima o *climage change*.

Ginabayan ng Ekokritisimo ang pagsusuri sa mga aklat pambata. Tinutukoy ng ganitong dulog sa pagsusuri ang "pag-aaral sa ugnayan ng kapaligiran at panitikan" (Dobrin at Kidd 2004,3) Nakatuon ang ganitong panunuring pampanitikan sa kalikasan. Dagdag pa, "aplikasyon ito ng mga konsepto sa ekolohiya sa pag-aaral ng panitikan" (Rueckert 1978, 107). May gabay na tanong sina Cherryl Glotfelty at Harold Fromm (1996) kaugnay sa Ekokritisismo. Ito rin ang ginamit na panukat ng mananaliksik kaugnay sa pagsusuri ng mga aklat pambata ukol sa kapaligiran.

Makakalikasan ba ang mga halagahan sa teksto? Paano sinisipat ng teksto ang kapaligiran? Paano nakakaimpluwensiya ang mga talinghaga sa lupa sa pagtrato natin dito? Ano ang namumutawing pananaw sa kalikasan? Paano ito nagbabago sa pagdaloy ng panahon? Tinalakay ba ng mga teksto ang napapanahong usaping pangkapaligiran?

Tinalakay rin ang Implikasyon ng Pagtuturo ng mga Kuwentong Pambata sa DepEd *Core Values*, Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa.

*Susing salita: Kuwentong Pambata, Kuwentong Pangkalikasan, Maka-Diyos, Makatao,*
*Makakalikasan, Makabansa*

## PANIMULA

Malaking suliranin ang *climate change* dahil nakasalalay sa nakasanayang *pattern* ng klima ang maraming hayop at halaman. Ang paglihis ng klima mula sa nakasanayang *pattern* ng klima ay naitala daang taon na ang nakalipas simula ika-20 ng siglo. Kung hindi sila makaaangkop sa bilis ng pagbabago ng klima mamamatay sila. Ang *climate change* ay napalulubha ng *Global Warming* o ang patuloy na pagtaas ng pangkalahatang temperatura ng daigdig. Nagkakaroon ng *global warming* dahil sa pagbunga sa atmospera ng mga *Green House Gas.* Sa kasalukuyan, ito ay isa sa pinakamalubhang suliraning kinahaharap hindi lamang ng ating bansa. Ang kasalukuyang *global warming, climate change* ay inabot na ang antas ng pagkasira ng kapaligiran at nag-ugat sa isang pandaigdigang sistema ng produksyon na ang layunin ay pagkamal ng tubo (profit-driven).

Mula sa nabanggit na kalagayan, tinangka ng mananaliksik na humanap ng solusyon kung papaano makatutulong upang ang malawakang problema ay mabigyan ng bahagyang solusyon. Isa ang pananaliksik sa pagtatangkang humanap ng mga solusyon sa problema, kung kayat ang nasa akademya ay patuloy na nagsasagawa ng pag-aaral. Sinasabi na kung ano ang itinuro sa bata ay bitbit niya hanggang sa kanyang pagtanda, kung kaya mas mabuting ituro ng mas maaga ang pagbabasa ng mga maikling kuwentong pambata na makapagbubukas sa kanilang pang-unawa at kamalayan sa mga paksang tumatalakay sa mga panlipunang usapin at partikular sa pagbabago ng klima o *climage change*.

Matagal na ang usapin patungkol sa *climate change* ngunit wala pa ring kalinawan sa kung paano ba ito ipaiintindi sa mga batang mag-aaral upang maging bukas ang kanilang kaisipan, bagamat may ilang aralin na pahapyaw na tinatalakay sa klase. Ayon kay Duque (2008), mahina pa ang kampanya sa pagpapalaganap ng mga impormasyon hinggil sa *climate change.*

Ang pokus ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga maikling kuwentong pamabata na tumatalakay sa *climate change.* Ang maikling kuwentong ay isang *universal* na kultura. Nagdudulot ito ng repleksyong mula sa tiyak tungo sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

pinakamataas na diwa upang maging makabuluhan ang karanasan ng sanlibutan. Nasabi nina Kraentel at Wallen (2003) na ang maikling kuwento ay nakapagdudulot ng mga pagbabago sa buhay. Ang mga aral, mensahe at tema ay naging gabay sa mga gawaing araw-araw at naging bukas sa anumang hamon sa buhay, naging batayan din sa pagdesisyon at nagsilbing repleksyon sa mabubuting tahakin sa buhay.

At dahil dito, ang pagsusuri at pagtuturo ng mga maikling kuwento na may kinalaman sa usaping c*limate change* ang isa sa paraan upang maipakilala sa mga batang mag-aaral, sapagkat kung maagang mamumulat ang mga bata sa mga impormasyon hinggil sa usapin ng *climate change* ay malaki ang kasiguraduhan na maidala at maikintal nila ito sa kanilang isipan hanggang sa kanilang pagtanda. Ayon sa aklat na *''Book Smart: How to Develop and Support Successful, Motivated Readers*" nina Cunninghum at Zibulsky (2013) isa pang kritikal na aspekto ng pagbabasa para sa mga bata ay ang pagkakaroon ng potensyal na mabago ang kanilang pag-iisip, pakikipag-ugnayan sa kapwa at maintindihan ang mundo. Inilahad din ang iba pang kaisipan tungkol sa pagkatuto ng mga bata sa pagbabasa na binigynag diin bilang *domino effect* sa kanyang pagbabasa na kung saan paunti-unting nalilinang ang kanyang pag-unawa sa bawat baitang sa elementarya.

Samakatuwid, tunay na malaki ang pangangailangan para sa paglalangkap ng kamalayang sa *climate change* na lalot higit na makatutulong ang mga maikling kuwentong pambata sa pagbubukas ng mahalagang kamalayan sa mga batang mag-aaral. Ang pananatiling buhay ng kalikasan ang tinutukoy na moral na obligasyon ng bawat Pilipino sa kaniyang kapuwa at sa susunod na henerasyon (Camacho 2004).

## METODOLOHIYA

Ginabayan ng Ekokritisimo ang pagsusuri sa mga aklat pambata. Tinutukoy ng ganitong dulog sa pagsusuri ang "pag-aaral sa ugnayan ng kapaligiran at panitikan" (Dobrin at Kidd 2004,3) Nakatuon ang ganitong panunuring pampanitikan sa kalikasan. Dagdag pa, "aplikasyon ito ng mga konsepto sa ekolohiya sa pag-aaral ng panitikan" (Rueckert 1978, 107). May gabay na tanong sina Cherryl Glotfelty at Harold Fromm (1996) kaugnay sa Ekokritisismo. Ito rin ang ginamit na panukat ng mananaliksik kaugnay sa pagsusuri ng mga aklat pambata ukol sa kapaligiran.

Makakalikasan ba ang mga halagahan sa teksto? Paano sinisipat ng teksto ang kapaligiran? Paano nakakaimpluwensiya ang mga talinghaga sa lupa sa pagtrato natin dito? Ano ang namumutawing pananaw sa kalikasan? Paano ito nagbabago sa pagdaloy ng panahon? Tinalakay ba ng mga teksto ang napapanahong usaping pangkapaligiran**?**

Dagdag pa rito, naglatag din si Lawrence Buell kaugnay sa mga akdang makakalikasan:

> *The non human environment is present not merely as a framing device but as a presence that begins to suggest that human history is implicated in natural history. The human interest is not understood to be the only legitimate interest. Human accountability to the environment is part of the text's ethical orientation. Some sense of the environment as a process rather than as a constant or given is at least implicit in the text.*

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa nosyon na dapat turuan ang bata ukol sa kalikasan dahil May Kuwento ang Klima; May Klima ang Kuwento. Inilarawan ng mga kuwentong pambata na sinuri ng mananaliksik na dapat turuan ng leksyon ang bata sa paglapastangan at pag-abuso sa kalikasan. Nilayon ng mga kuwentong ito na ibahagi ang kapangyarihan ng kalikasan at ang katangian nitong maghiganti. Napagtitibay ang paniniwala sa ugnayang kabataan-kapaligiran.

## ANG KUWENTONG PAMBATA

Ang kuwento pambata sa pangkalahatan ay nakatuon sa mga nasa walo o sampung taon gulang pababa o sa tinatawag na *beginning readers.* Anong klaseng mambabasa ang mga batang nagsisimulang magbasa? Sino ang "batang mambabasa"? Maaaring hindi pa sila nakapagbabasa nang mag-isa o nagsisimula pa lamang sila makakilala sa ugnayan ng mga titik at tunog ng mga salita. Maaaring nakauunawa na sila ng mga salita o pangungusap mula sa pakikinig sa wikang pasalita ngunit marami pang konsepto at kahulugan ang kailangan nilang maintindihan. Hindi ito nangangahulugang wala o kulang ang kakayahan nilang umunawa sa mga bagay na nararanasan nila. Mas angkop sabihing ang mga batang kabilang sa ganitong kategorya ay may natatangi at sarili nilang paraan ng pag-unawa. Wala pa silang sapat at lubos na kakayahan para maituring na *literate individuals*. Ayon kay Piaget, ang paraan ng pag-unawa ng mga bata sa ganitong edad ay maituturing na *animistic*. Sa unang mga taon ng paglaki ng bata, hanggang sa walo o sampung taon, ang bata ay maaari lamang magkaroon ng napakapersonal na pag-unawa sa mga bagay na kanyang nararanasan. Bilang mambabasa, maaaring kailangan pa nila ng matatanda para magbasa sa kanila. Mas mahilig silang makinig sa mga kuwentong binabasa sa kanila. Kahalili ng nasyonalismo ang ekolohiya sa panitikang pambata, ginagamit na simbolo ang Inang Kalikasan bilang katumbas ng Inang Bayan. Masisipat ang ganitong tumabasan sa Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan at Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas ni Rene O. Villanueva. Sa panitikang pangmatanda, ang punto-de-vista at itinatanghal bilang bida o bayani ay matatanda; sa panitikang pambata, bata ang itinatanghal na tagapagligtas at tagapangalaga ng daigdig.

## ANG KUWENTO NG PAGBABAGO NG KLIMA

Bakit may tinatawag na *climate change* o pabago-bago ng klima? Natural ba itong nagaganap sa kalikasan o may kontribusyon dito ang tao? O ang Sistema ng lipunan? Dapat alamin at unawain kung bakit nagaganap ang *climate change*. Ano-ano ang epekto ng *climate change* sa buhay ng tao, sa bansa, sa buong mundo? May magagawa ba tayo? May magagawa pa ba? May mga paraan, tulad ng tinatawag na *adaptation at mitigation*. Ang adaptation (o pakikibagay) ang kakayahan ng

isang sistema upang makibagay sa pabago-bagong panahon upang mapangasiwaan ang maaaring maidulot na pinsala, at kayanin ang anumang kahihinatnan ng pabago-bagong klima.

Ang *global warming* ay pagtindi ng init ng temperatura ng mundo kaysa karaniwan dahil sa mga aktibidad na kagagawan ng tao (anthropogenic), tulad ng pagdami ng pagbuga (emission) ng *greenhouse gas* (GHG) o yaong nakakulob na init sa mundo.

Ano ang *greenhouse gas*? Alamin muna natin kung ano ang *greenhouse*. Sa malalamig na bansa, may tinatawag silang *greenhouse*, isang istruktura ito kung saan nakatanim ang mga halamang nangangailangan ng init upang tumubo. Palibhasa, malamig ang lugar nila kaya di basta tutubo ang halaman. kaya kinakailangan ng isang kulob na lugar, tulad ng *greenhouse*, para doon palakihin ang mga halaman, na pinapainitan nila upang lumago. Kumbaga, imbes na araw, artipisyal na init ang pinagagana nila rito. Ito ang *greenhouse*. Itinayo ito upang protektahan ang halaman sa tindi ng lamig o init, sa ipuipong alikabok (dust storms) at niyebe, at mailayo sa peste. Dapat tama ang timpla ng temperatura ng init, dahil pag sumobra ang init, tiyak na masisira ang mga halaman. Dito kinuha ang salitang *greenhouse effect*. Itinulad ang buong mundo sa *greenhouse* at ang init ng araw ang batayan ng *greenhouse effect*.

Syempre, may atmospera sa mundo na nagtitiyak ng balanse ng init ng araw. Nakadisenyo ang atmospera para maging lagusan ng tamang timpla ng init ng araw sa mundo. Kaya pag nabutas ang atmospera (o yung ozone layer), tiyak na iinit lalo ang mundo, dahil sa tindi ng radyasyon ng araw. Kumbaga, sobrang init kaya nakakasira ng natural na takbo ng klima.

Ang dahilan ng pagkabutas na ito ng atmospera ay ang tinatawag na greenhouse gas (GHG) mula sa aktibidad ng tao. Ang GHG ang gas sa atmospera na sumasagap at nagbibigay ng radyasyon. Nagmula ito sa transportasyon (13.5%), kuryente at init (24.6%), pagsusunog ng langis (9%), industriya (10.4%), mga tagas na emisyon (3.9%, prosesong industriyal (3.4%), pagbabago sa paggamit ng lupa (18.2%), at lupaing agrikultural (6%).

Ang batayang mga GHG sa atmospera ng mundo ay ang alimuom ng tubig (water vapor), carbon dioxide, methane, nitrous oxide, at ozone. Ayon sa agham, matindi ang epekto ng GHG sa temperatura ng mundo; dahil kung wala ito, ang ibabaw ng daigdig ay nasa 33 °C (59 °F) na mas malamig kaysa kasalukuyang temperatura. Di kakayanin ng mundo ang labis-labis na konsentrasyon ng GHG sa atmospera, kaya dapat tayong kumilos upang mabawasan ang GHG na ito.

Walang katulad sa kasaysayan ang bilis at tindi ng pagkasira ng kapaligiran nang pumasok ang daigdig sa yugto ng modernong kapitalismo. Sisirain nito ang natural na balanse ng kapaligiran. Titindi ang antagonistikong relasyon sa pagitan ng tao at kalikasan, gayundin, ng tao sa tao dahil sa pagkontrol ng iilan sa kalikasan at mga pakinabang dito. Ang pagkamal ng tubo ang siyang magiging dahilan ng paggamit sa kalikasan.

Ang maliliit na islang-nasyon at maraming komunidad sa Asya at Pasipiko ang dumadanas ngayon ng matinding epekto ng pagtaas ng tubig-dagat. Tataas pa ito lalo't sa pagtaya ng mga syentista ay magiging "ice-free" na o ganap na matutunaw na ang yelo ng Summer Artic sea sa pagitan ng mga taong 2015-2030. Ang katumbas nito ay sea level rise ng hanggang 0.9 metro pagdating ng taong 2100 (datos ng IPCC). Tinatayang nasa pagitan ng 70-200 milyon katao ang maapektuhan ng matindi at malawakang pagbaha kapag inabot ang ganitong pagbaha kapag inabot ang ganitong lebel ng pagtaas ng tubig-dagat.

Ayon kay Holdren (2007) na ang sangkatauhan din lang ang siyang may kagagawan kung bakit naging malala ang sitwasyon at ito ay isang malaking panganib na nakaambang mangyari.

Ang paghabi ng maikling kuwento ay isang paraan ng pagsupil sa mga takot o pagkabahala ng tao sa kanyang kapaligiran at pag-unawa rito. Sa pamamagitan ng mga kuwentong pambata na sinuri ay maaring gamitin bilang kaagapay na kagamitang panturo sa mga mag-aaral upang maging mulat sa tinatawag na *climate change*, naniniwala ang mananaliksik na ang mga bagay na nagsimula sa maliit ay may malaking epekto.

Dagdag pa, "*There is a sort of common-sense belief that children, or at least a young people, are way ahead of adults on environmental issues'* (Coward 1996,355)

Ngunit bakit nga ba malapit sa bata at sa panitkang pambata ang usaping pangkalikasan? May dalawang namamayaning paniniwala sa ugnayang ito. Una, may nosyon na may pribilehiyong ugnayan ang bata sa kalikasan. Mangyari kasi'y tila natural ang koneksyon ng mga bata sa kalikasan. "*The natural world makes intelligible the voice of God, we still feel that it is somehow "good for' children to get in touch with grass, tress, streams, ocean waves, tall mountains, and furry animals"* (Rahn 1995,149-150).

Ikalawa nama'y ang nosyon na dapat turuan ang bata ukol sa kalikasan. Sang-ayon nga kina Dobrin at Kidd, "*even if the child has a privileged relationship with nature, he or she must be educated into a deeper- or at least different- awareness"* (2004,7). Sa pamamagitan ng edukasyon at oryentasyong makakalikasan sa mga bata, makukuha ang simpatya ng susunod na henerasyon. Magkakaroon ng kapangyarihan ang mga batang iyon sa kaniyang pagtanda- kapangyarihang makaboto at mapagpasya, kapangyarihang pinansyal, at kapangyarihang itaguyod at ipagtanggol ang kalikasan (Rahn 1995, 163-164).

## UGNAYAN NG KUWENTONG PAMBATA AT KUWENTONG PANGKALIKASAN

Ang pagkakaroon ng magandang kalikasan ay biyaya ng Poong Maykapal, kung kaya dapat na ang tao ang siyang tagapangalaga at taga pag-ingat sa biyayang ito. Sa kuwentong Si Emang Engkantada inilawaran ang magandang bakuran ni Emang Engkantada, siya ay may pambihirang galing. Inilarawan ang bakuran na maraming prutas at gulay, maraming ibon at hayop, malinis ang hangin at tubig iyan ang paraiso na dati'y ipinagkaloo ng Poong Maykapal. Sa ngayon, malaki na ang ipinagbago ng ating mundong ginagalawan. Ang hindi mapigilang pagtaas ng populasyon ay nagdudulot ng maraming suliranin. Hindi na mabilang ang mga taong nagugutom. Marami ang walang tirahan. Kasabay pa nito ang kuraspyon ng mga lider ng bansa na siyang dahilan ng pananaliting mahirap ang bansang Pilipinas. Bukod pa sa mga suliraning ito. Tila hindi na pansin

ang suliranin sa ating kapaligiran. Sa Pag-aaral ni Evasco (20007), maiuugat ang nangingibabaw na *environmentalism* sa panitikang pambata dulot ng magkapanabay na pagsusulong ng karapatang pambata at pangangalaga sa kapaligiran ng bansa noong mga huling taon ng dekada 1980.

Lumitaw na paraan ng paggalang at pagtupad sa karapatan ng mga bata ang paghahandog ng bansang may malinis na hangin, kabundukang may mga punong-kahoy, malinaw at rumaragasang ilog, asul na dagat, at mga halaman at hayop na kinagisnan ng mga naunang henerasyon.

Gumalaw bilang mga tauhan sa kuwento sina Pat Kalat bilang hari ng basura, kalat dito, tapon doon. Ito ang ugali niya. Si Pol Putol ay kaaway ng mga halaman. Putol dito, bunot doon. Ito ang libangan niya. Si Paz Waldas ay reyna ng aksaya. Aksaya sa tubig, waldas sa kuryente. Ito ang gawain niya. Ang pag-uugaling ipinakita ng mga bata sa kuwento ay kasalukyang naoobsernahan sa mga pag-uugali ng ilang mga bata sa kasalukuyan, kung kaya't nararapat na ipaalala sa kanila na ang pagpapahalaga at pangangalaga sa kalikasan. Ayon nga kay Camacho, (2004), ang pagpapanatiling buhay ng kalikasan ang tinutukoy na moral na obligasyon ng bawat Pilipino sa kanilang kapuwa at sa susunod na henerasyon.

Mga salbahe ang imahen ng mga bata sa kuwento, kung kaya't galit na galit ang mga tao sa tatlong harangan. "Mga salbahe" "Wala na kayong ginawang mabuti!" Galit na galit ang mga tao sa tatlong haragan. At hinabol ng mga tao ang tatlong haragan. Nakarating ang tatlong haragan sa magandang bakuran ni Emang Engkantada.

"Ang sarap sirain," sabi ni Pol." Sige, sirain natin," sabi ni Pat. "Sirain natin nang todo," sabi ni Paz. Dumating si Emang Engkantada. Binawalan niya ang tatlong haragan. Tumawa lamang sila nang tumawa habang sinisira ang magandang bakuran. Nagalit si Emang Engkantada.

May dumating na malakas na hangin. Umikot ang malakas na hangin sa tatlong haragan. Nahilo ang tatlong haragan. Sa ganitong tagpo, nararapat na maipaliwanag ng guro ng epektibo ang maaring maging bunga ng mga di magandang pagkilos at pag-uugali ng mga bata. Higit na nagiging magaling at epektibo ang guro kung kasabay ng pagtuturo ang paghubog sa mga pagpapahalaga at wastong pag-uugali ng mga batang kanyang tinuturuan, mahalagang maikintal ang pagpapahalaga at kagandahang asal. Ang nosyon na dapat turuan ang bata ukol sa kalikasan. Sang-ayon nga kina Dobrin at Kidd. "even if the child has a privelegde relationship with nature, he or she must be educated into a deeper- or at least different- awareness" (2004,7) sa pamamagitan ng oryentasyong makakalikasan sa mga bata, makukuha ang simpatya ng susunod na henerasyon. Magkakaroon ng kapangyarihan ang mga batang iyon sa kaniyang pagtanda -kapangyarihang itaguyod at ipagtanggol ang kalikasan (Rahn 1195, 164-165).

Napunta si Pol sa isang lugar na puro buhangin. Walang halaman sa paligid at mainit ang sikat ng araw. Ang lugar ay parang isang disyerto. Naghanap ng puno si Pol para sumilong. Walang halaman sa paligid at mainit ang sikat ng araw. Ang lugar ay parang isang disyerto. Naghanap ng puno si Pol para sumilong. Walang puno sa paligid. "Ganito pala pag walang halaman," sabi ni Pol.

Nauhaw si Pol at naghahanap ng tubig. Walang tubig sa paligid. "Ganito pala pag walang puno at tubig," sabi ni Pol. Gusto ko ng puno. Gusto ko ng tubig. Maawa na kayo," sabi ni Pol.

Napunta si Pat sa tambakan ng mga basura. Mabaho at madumi sa tamabakan ng mga basura. Marami ang langaw, ipis, at daga. Malaki ang langaw, ipis, at daga. Hinabol si Pat ng maraming langaw, ipis, at daga. Takot na takot si Pat. "Ganito pala pag masyadong marumi," sabi ni Pat. "Ayokong kainin ng daga. Ayokong magkasakit, "Iligtas ninyo ako," sabi ni Pat. Napunta si Paz sa isang madilim na siyudad. Puro usok sa siyudad. Payat na payat ang mga tao. Naghanap ng ilaw si Paz. Walang kuryente. Naghanap ng gripo si Paz. Walang tubig. "Mamamatay ako sa usok at dilim. Mamamatay ako pag walang ilaw at tubig. Maawa na kayo," sabi ni Paz. "Hindi na po ako magkakalat," "Hindi na po ako maninira," sabi ni Pol. "Hindi na po ako mag-aaksaya," sabi ni Paz. "Maawa na po kayo, "sabi ng tatlong haragan. Naawa si Emang Engkantada sa tatlong haragan.

"Kailangang matutuo kayong maglinis. Kailangang matutuo kayong magtanim. Kailangang matuto kayong magtipid," Sabi ni Emang Engkantada sa tatlong haragan.

Kung minsan bunga ng padalos-dalos na gawa ng mga bata ay hindi napupuna ang kanilang mga maling gawa. Kadalasan sa mga kuwentong pambata malinaw na naipapakita at nabibigyan ng aral ang mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay parusa ng isang engkantada upang bigyang ng aral ang mga maling gawa. Kailangan bigyan ng tuon ang pagpapahalaga at pagmamahal sa kalikasan sa pamamagitan ng pangangalaga at pagpapaunlad ng kaalaman sa kalikasan at ito'y nakasaad sa Preamble sa kontitusyon ng Pilipinas.

Malinaw na ipinakikita ang nais ipaunawa ng kuwentong pambata sa pamamagitan ni Emang Engkantada na nararapat na ituro ang mga pagpapahalagang binibigyan diin sa *core values* ng DepEd na Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. Ayon nga kay (Quisimbing, 1994), *"Values education is a process by wich values, attitudes, and habits are formed as the learner with the environment under the guidance of a teacher. Education is not just limited to acquiring knowledge-based facst and ideas but also imbibing proper values since the heart of education is the education of the heart (Quisimbing, 2002). Quisimbing added that values education is a necessary component of a holistic citizenship education and added that it's not just merely teaching about values but involves a deeper understanding of these values and internalixing and putting it into actions.*

Matatandaang mahalaga sa progresibong kuwentong kalikasan para sa mga bata na itanghal ang batang tauhan bilang tagapangalaga ng kapaligiran at hindi bilang sanhi ng problema. Malagim ang mensahe ng kuwentong Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas. Ito ang Planeta. Nakakain ang lahat sa Planeta Pakaskas. Ang mga bundok matamis na gulaman. Ang mga bahay ay gawa sa sapin-sapin. Ang mga ilog ay masarap na gata. Ang dagat ay matamis na tsokolate. Nguyamyam ang tawag sa mga nakatira sa Planeta Pakaskas. Mahilig kumain ang mga

Nguyamyam. Wala silang tigil sa kangunguya. Kinakain nila ang mga bundok. Kinakain nila ang mga bahay at kalsada. Iiinom nila ang mga ilog at dagat. Malapit nang maubos ang Planetang Pakaskas. Napansin ito ni Inggolok. Mga Kaibigang Nguyamyam tigilan na natin ang sobrang pagkain sa ating planeta, hindi naman ito nadadagdagan." Maiuugnay agad sa bahaging ito ang sitwasyong pangkapaligiran sa bawat bansa: nawawala ang mga gubat, tinatapyas ang bundok, winawasak ang mga bakawan, naglalaho ang mga sapa at ilog. Iisipin ng mambabasa, paano pagyayamanin ang yaman ng kanilang pagkain? Walang pagkakataon para magtanim. Hindi ipinakita sa mga ilustrasyon na maaaring palaguin ang mga biyaya ng Pakaskas. Mangyari'y kahinaan ng kuwento na gawing pagkain ang paligid ng nilikhang daigdig na ito.

Ngunit walang nakinig kay Inggolok. Natakot si Inggolok. Mauubos na ang planeta. "Wala na tayong magagawa, kailangan na nating iwan ang ating tahanan. Bakit hindi ipinanukala ang pagtanim sa kanilang planeta imbes na iwan ito at hayaang maglaho? Kahinaan muli ang kalikasan. Mangyari ang pagkain ay mahalaga sa panitikang pambata at hindi dapat ginagawang problema. Sa Katunayan, "*it has been suggested that in classic children's literature food replaces sex as principal source of excitement and sensual pleasure."* (Lurie 2003, 176). Lilikha ng kalituhan sa mga batang mambabasa kung ang pagkain ba ay ikaliligaya o dapat na katakutan dahil magdudulot ito ng katapusan ng daigdig.

"Malungkot na sabi ni Inggolok sa kanyang mga anak. Lumipad sina Inggolok sa kalawakan. Pagsilip nila sa bintana, nalungkot sila sa kanilang nakita. "Kalahati na lang ang Planeta Pakaskas!" Sigaw ni Inggolok. Lumapag sila sa isang maliit na planeta. Kitang-kita nina Inggolok ang Planeta. Si Inggolok ay napaiyak nang maglaho ang Planeta Pakaskas. "Wala na ang Planeta. Nag-isip ng mabuti si Inggolo. "Ang planetang ito ay hindi mauubos tulad ng Planeta Pakaskas." Sabi ni Inggolok sa kanyang mag-anak. "Ang planetang ito ay ating tahanan. Ang planetang ito ay ating alagaan. "Ang pangako ni Inggalok". Mapapansin na lantarang pagkukulang ng nasabing aklat ay ang hindi pagbibigay espasyo para kumilos ang mamamayan.

Lantarang nangangaral ang mga nabanggit na akda. Marapat iwasan ang ganitong pamamaraan sa pagtataguyod ng kalikasan. Ayon nga kay Suzanne Rahn, "*a children's book can comommunicate a loving respect for nature and wild creatures without an explicit "message" of the type common in environementalist children's books today"* (1995, 163). Dagdag pa ni Ernest Thompson Seton, higit na epektibo sa panghihikayat ang isang kuwento kaysa sa anumang lekturang makakalikasan sipi kay Raphn 1995, 163). Ibang kaso kung nagiging lektura na ang mga kuwento ukol sa kalikasan tulad ng aklat na *The Gathering* na hindi nadiskaril ang daloy ng kuwento dulot ng mga siyentipikong pagpapaliwanag ukol sa sanhi at bunga ng mga problema sa paligid tulad ng pagmimina, pagtotroso, pagpaslang sa mga hayop, *siltation*, at pagkawasak ng mga korales. Sa madali't sabi, malaking bitag sa mga kathang ito ang suliranin ng didaktisismo. Pansinin ang wika ni Emang Engkantada sa tatlong bata, "Kailangang matuto kayong maglinis. "Kailangang matuto kayong magtanim." "Kailangang matutong kayong magtipid".

Sa Kuwentong Si Inggolok at ang Planeta. Ang planetang ito ay hindi mauubos tulad ng Planeta Pakaskas." Sabi ni Inggolok sa kanyang mag-anak. "Ang planetang ito ay ating tahanan. Ang planetang ito ay ating alagaan. "Ang pangako ni Inggalok." Kinokondisyon nito ang mambabasa na ang musmos na kamalayan ng mababasa na huwag nilang gagawin ang pagkakamali ng naunang henerasyon sa kanilang pagtanda, sa pagpapakita ng unti-unting pag-ubos ng planeta, direktang ipinakikita nito ang bunga ng pag abuso sa mga yamang ibinigay dakilang lumikha.

Dagdag pa rito ang tagpong, lumipad sina Inggolok sa kalawakan. Pagsilip nila sa bintana, nalungkot sila sa kanilang nakita. "Kalahati na lang ang Planeta Pakaskas!" Sigaw ni Inggolok. Lumapag sila sa isang maliit na planeta. Kitang-kita nina Inggolok ang Planeta. Si Inggolok ay napaiyak nang maglaho ang Planeta Pakaskas. "Wala na ang Planeta. Nag-isip ng mabuti si Inggolo. Bakit kailangan pang ipakita na kalahati na lang ang Planeta Pakaskas? Kailangan pa bang may mawala bago kumilos ang tao? Kailangan pa ba ng kalamidad bago makilala ang kapangyarihan ng Inang Kalikasan? Sa ganitong talakay, mapapansin ang didaktibong udyok ni Villanueva sa pagsulat ng naturang katha. At dahil sa didaktibong teknik sa pagkatha, hindi ring maiwasan ang tonong matanda na nananakot sa isang bata. Pananakot ito dulot ng kapangyarihan ng mga matanda batay sa edad, karanasan, at kaalman sa daigdig. Pinagsanib na siyentipiko at moral na awtoridad kung bakit inilalarawan ng may-akda sa mga batang mambabasa ang posibleng maging sanhi ng kapabayaan sa mga likas-yaman.

Bilang sentro ng pagtuturo, ang tao ay maraming dimension. Siya ay isang aktibong indibidwal na nakikiag-ugnayan sa kanyang sarili, sa kanyang kapuwa at sa kanyang pamayanan. Binigyang-diin sa nerebisang "Values Education Framework" ng DepEd bilang batayan sa pagtuturo ng pagpapahalaga noong 1987 na hindi lamang ang mga pangunahing pagpapahalaga ng nakasaad sa saligang batas, kundi maging ang mga pagpapahalagang kinakailangan ng ating bansa sa kasalukuyan gaya ng pagmamahal sa bayan, pagkamagiting o pagkabayani, kamalayang pang-sibiko at aktibong partisipasyon, sinserong pamumuno, at pagkakaisa. Ang usapin sa kuwentong pambata ay usaping pangdaigdig, ang suliranin sa labis na pag-abuso sa mga likas na yaman kung kayat unti-unting nauubos dahil sa labis na kapabayaan at pagiging iresponsable ng mga tao.

## IMPLIKASYON NG PAGTUTURO NG MGA KUWENTONG PAMBATA SA DEPED *CORE VALUES*

Ang edukasyon sa pagpapakatao ay isang asignaturang napakahalaga upang gabayan ang bawat mag-aaral na magpasya at kumilos ng may pananagutan tungo sa kabutihang panlahat. May kasabihan na "Madaling maging tao, mahirap magpakatao." Ang mga hamon ng edukasyon sa mga batang mag-aaral ay ang makapagpasya at kumilos nang may pananagutan tungo sa kabutihang panlahat. Magabayan ang mga mag-aaral na matutuhan ang kabuluhan ng kanyang buhay, ang papel niya sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

pamilya at sa lipunan upang makibahagi siya sa pamayanang pinaiiral ang katotohanan, kalayaan, katarungan at pagmamahal.

Maipapakita ang pagpapahalaga sa mga kuwentong pambata sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga itinuturo sa bata sa pamamagitan ng impak nito sa kanila. Nakapaloob ito sa *Core Values* o mahalagang pag-uugali.

**Maka-Diyos-** Ang pangangalaga sa mga biyaya ng Diyos ang siyang higit na pagpapahalaga na dapat maipamulat sa mga bata. Ang pag-unawa sa konsepto at gawang nagpapakita ng pananagutang pansarili, pagmamahal sa kapwa, kalikasan, sa bansa at sa Diyos tungo sa maayos at masayang pamumuhay. Ayon sa Pilosopiya ni Aristotle, ang mabuting buhay o "good life" na may kasanib na panloob na kaayusan. Aniya, ang tunay na kaligayahan ay ang pagkakaroon ng kapayapaan na nagmumula sa panloob na kaayusan at mula sa katamtaman (moderation) hindi sa makamundong kasiyahan (earthly desires). Tinutumbok ng mga kuwentong pambata ang pagpapaalala na ang anumang nasa paligid natin, mga kasaganaan na mula sa likas yaman ay biyaya ng Poong Maykapal, kung kaya't dapat na maituro sa bata na pahalagahan, ingatan at pagyamanin pa ito, huwag hayaang patuloy na maubos, masira dahil sa kapabayaan at labis na pag-abuso sa mga ito dahil sa kasakiman ng tao. Dagdag pa ni Aristotle, para sa kanya, ang mabuti, makatarungan at tamang buhay ay "isang mabuting buhay", kung saan mayroon kang kapayapaan ng isip na dulot ng pagkakroon mo ng isang mabuting buhay.

**Makatao-** Ang mga kuwentong pambata na sinuri ay nagpalutang ng mga kaisipang ang nagpapabuti sa tao ay ang pagtataglay at ang pagsasabuhay ng mga mabuting gawi kapag siyay nakaranas nang balik ng kalikasan. Nakapaloob sa pilosopiya ni Plato, na nararapat ipagpatuloy ang mabuti at tama batay sa ganap at hindi tiyak o pabago-bagong pagpapahalaga. Halimbawa, ang katanungan ay tumutukoy sa anumang mabuti para sa buong lipunan at mabuti rin sa indibidwal. Ang katarungan, aniya, ay panloob na kaayusang masasalamin sa isang mabuting buhay. Ayon kay Sarte, ang tao ay walang mga tiyak na pantaong kalikasan o "human nature" kaya't wala rin itong likas na pagpapahalaga. Sa puntong ito lalo't higit na tunguhin ng pag-aaral na ito na mahalagang maituro sa mga bata ang kanilang magagawa upang ang *climate change* o suliranin sa *global warming* ay unti-unting maituro upang maging malay sa epekto nito lalot higit pa sa susunod na henerasyon. Una munang namumuhay ang tao at sa pamamgitan ng mga karanasan sa pagpili at pagdesisyon, gumagawa siya ng kanyang kalikasan sa pagpapahalaga.

**Makakalikasan -**Ang mga kuwentong sinuri ay patungkol sa kalikasan. Malaki ang paniniwala ng mananaliksik na sa pamamagitan ng pagmulat, pagtuturo sa mga bata gamit ang mga kuwentong pambata hinggil sa kung ano ang epekto ng *climate change* at *global warming* sa ating bansa at sa buong daigdig, ay unti-unting magiging ganap ang pag-unawa sa kung bakit dapat may kamalayan ang mga bata sa usaping pangkapaligiran. Dahil ang usaping *climate change* at *global waring* ay usapin at problema hindi lang sa ating bansa maging sa buong daigdig, mga suliraning kapag hindi nahanapan ng solusyon ay maaaring maglaho ang lahat ng mga bagy sa ipinagkaloob ng dakilang Maykapal. Ayon kay Hobbes ang tao ay likas na masama at makasarili at kailangan ng mahigpit na pagbabantay dito sa kanyang pakikipamuhay sa lipunan. Sinalungat naman ito ni Rousseau sa kanyang pilosopiya, sa palagay niya, ang tao ay isinilang na mabuti at ang pagiging masama ay nagmumula sa pag-unlad ng mga lipunan**.** Kung kaya't nararapat na maituro ang mga wastong pagpapahalaga sa mga bata, dahil kung ano ang kanilang kinamulatan sa pagkabata ay dala-dala nila sa kanilang pagtanda.

**Makabansa-** Ang Kuwentong Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas ay inihalintulad ng mananaliksik sa bansang Pilipinas. Ang lahat ng likas-yamang nasa loob nito ay unti-unting nauubos dahil sa kagustuhan ng mga tao para sa sariling kapakanan halimbawa, ang pagbebenta ng mga likas na yaman. Kung kaya't sa pamamagitan ng mga kuwentong pambata matatalakay ang mga bunga ng kapabayaan at pag-abuso sa mga likas na yaman. Mahalaga na maituro sa mga bata ang pagmamahal sa pag-aari ng bansa, at mahalagang maituro na anumang aksyon ang kanilang gagawin ay may kahihinatnan masama man o mabuti. Sa Utilitarianismo may paniniwalang ang kabutihan ng mga gawa ay dapat mataya sa kanilang kahinaan o ibubunga. Ang mga gawa, ayon dito ay maaring magdulot ng kapakinabangan o pagkasira o maaari naming parehong may pagkasira at pakinabang. Tulad ng nangyari sa kuwentong Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas, nagpapakita ito ng katulad sa pilosopiya ni Bentham na ang kapakinabangan o pagkasira ng isang bagay, gawa o pangyayari ay matataya kung gaano kasakit o kainam ang dulot nito.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Villanueva, Rene O. 1997. Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas.Anvil Publishing, Inc.Manila*
2. *Villanuea, Rene O. 2006. Si Emang Engkantada at ang tatalong haragan. Adarna House. Quezon*
3. *City, Philippines.*
4. *Daluyan, Journal ng Wikang Filipino. Ang Dakilang Kuwento, ang Bagong Kasaysayan, at ang Rebisyon sa mga Kathang Historikal para sa mga Bata. Tomo XIV, Bilang 1, 2007*
5. *Modyul sa Climate Change – kpdnotrh.weebly.com*
6. *https://www.slideshare.net/jennifersales1213/values-edu*
7. *https://www. Scribd.com Epekto ng Global Warming*
8. *https://www.slideshare.net*
9. *https://worldconferences.net/proceedings/icssr2016/fullpapes*
10. *https://www.cfopso.org.ph/pdf/12thconferencepresentation/day2/FelicidadCuani-Filipino-RBSI.pdf*
11. *https://panitikan.ph/2013/05/28/sitwasyon ng panitikan-pambata-sa-pilipinas-2010-2012-ni-eugene-y-evasco*
12. *http://www.academia.edu/27907635/Ang_Ikatlong_Dekada_ Ang_Sitwasyon_at_Mungkahing_ Pagpapaunlad_ng_Panitikang_Pambata_sa_Pilipinas_2000-2009_*
13. *https://xwikapedia.wordpress.com/tag/panitikang-pambata/*
14. *https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED416465.pdf?ref=driverlayer.com/web*
15. *https://books.google.com.ph/books/about/Book_Smart.html?id=V_tMAgAAQBAJ&redir_esc=y*
16. *https://earther.gizmodo.com/this-picture-book-is-the-perfect-way-to-introduce-kids-1822769716*